







**WEEKLY LEARNING PLAN**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 2 |
| **Week** | 4 | | **Learning Area** | AP |
| **MELCs** | **Natutukoy ang mga bumubuo sa komunidad : a. mga taong naninirahan b: mga institusyon c. at iba pang istrukturang panlipunan** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | 1. natutukoy ang mga bumubuo ng komunidad<br>a. mga taong naninirahan;<br>b. mga institusyon;<br>c. mga iba pang istrukturang panlipunan;<br>2. naipaliliwanag ang kahalagahan ng bawat institusyong bumubuo ng komunidad. | Bumubuo ng Komunidad | **SUBUKIN**<br><br>Kilalanin ang mga sumusunod na larawan. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.<br>1.  ________<br>2.  ________<br>3.  ________<br>4.  ________<br>5.  ________<br><br>**BALIKAN**<br><br>Balikan ang nakaraang aralin.<br>Mula sa mga salita sa bawat kahon buuin ang kahulugan ng komunidad. Isulat ang sagot sa ibaba.<br><br>pisikal na kalagayan<br>Naninirahan sa isang pook na magkatulad<br>ay binubuo ng pangkat ng mga tao<br>kapaligiran at<br>Ang komunidad<br><br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________ | Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul AP 2.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |
| 2 | 1. natutukoy ang mga | Bumubuo ng | **TUKLASIN** | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | bumubuo ng komunidad<br>a. mga taong naninirahan;<br>b. mga institusyon;<br>c. mga iba pang istrukturang panlipunan;<br>2. naipaliliwanag ang kahalagahan ng bawat institusyong bumubuo ng komunidad. | Komunidad | Nakapasyal ka na ba sa iyong komunidad?<br>Ano-ano ang mga istruktura na iyong nakita?<br>Alam mo ba ang kahalagahan ng bawat istruktura sa iyong komunidad?<br>Basahin ang maikling tula patungkol sa komunidad ni Celso.<br><br>**Ang Aking Komunidad**<br>Akda ni Fatima A. Mejia<br><br>Celso ang aking ngalan,<br>Masayang pamilya ang aking tangan,<br>Sa tabing dagat ang aming tirahan,<br>Sariwang hangin aming nalalanghap.<br><br>Sa may Kanluran ang Pamilihang Bayan,<br>Mga isdang huli doo'y dinadala,<br>Kung pupunta sa Silangan,<br>Iyong makikita aming paaralan at simbahan.<br><br>Sentrong Pangkalusugan sa timog madadatnan,<br>Mga doktor at nars ika'y lulunasan,<br>Sa hilaga ay Pamahalaang Bayan at<br>Pook-libangan,<br>Ito ang komunidad na aking kinabibilangan.<br><br>Ilarawan ang komunidad ni Celso?<br><br>Saan matatagpuan ang komunidad ni Celso?<br><br>Ano-ano ang mga bumubuo ng komunidad ni<br>Celso?<br><br>**SURIIN**<br><br><br><br>Ang komunidad ay binubuo ng pamilya, paaralan, pamahalaan, simbahan, sentrong pangkalusugan, pook libangan at pamilihan.<br>Ang bawat institusyon ay mahalaga sa pagtugon ng mga pangangailangan ng bawat kasapi nito.<br>Ang mga larawan ay ang mga institusyong bumubuo ng komunidad. | (Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | **Mga Institusyong Bumubuo ng Komunidad**<br><br>Pamilya ang pinakamaliit na yunit ng pamayanan kung saan haligi ng tahanan o tatay, ilaw ng tahanan o nanay at mga anak.<br><br>Paaralan ang siyang nagbibigay ng pormal na edukasyon sa mga mag-aaral upang mapalawak pa ang kaalaman sa iba't-ibang kasanayan.<br><br>Pamahalaan ang gumagawa at nagpapatupad ng mga batas sa komunidad upang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan.<br><br>Simbahan ang nagpapahayag ng salita ng Diyos ayon sa Bibliya upang mas tumibay ang ating pananampalataya sa Maykapal.<br><br>Ospital o *Health Center* ang nagbibigay ng serbisyong medical sa komunidad. Sinisigurong mapanitili ang maayos na kalusugan ng bawat kasapi.<br><br>Pook-ibangan o lugar pasyalan na pinagdarausan ng mga aktibidad o programa ng komunidad.<br><br>Pamilihan ang lugar kung saan mabibili ang mga pangunahing pangangailangan ng mga kasapi ng komunidad tulad ng pagkain, damit at iba pa. | |
| 3 | 1. natutukoy ang mga bumubuo ng komunidad<br>a. mga taong naninirahan;<br>b. mga institusyon;<br>c. mga iba pang istrukturang panlipunan;<br>2. naipaliliwanag ang kahalagahan ng bawat institusyong bumubuo ng komunidad. | Bumubuo ng Komunidad | **PAGYAMANIN**<br><br>A. Panuto: Buuin ang mga pangalan ng mga sumusunod na institusyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br><br>1.  2. <br>3.  4. <br>5.  | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | B. Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang mga institusyong bumubuo sa komunidad. Isulat sa loob ng bawat bahay ang sagot. Gawin ito sa sagutang papel.<br><br>kabinet   pamahalaan   tindahan<br>ospital   mall   paaralan<br>pamilihan   kahon   anyong lupa<br>pamilya   tao   bagay<br><br><br><br>**Isaisip**<br><br>Panuto: Piliin ang angkop na salita upang mabuo ang diwa ng talata. Gawin ito sa sagutang papel.<br><br>Ang komunidad ay binubuo ng **(nanay, pamilya)**, **(paaralan, gusali)**, **(prinsipal, pamahalaan)**, simbahan, sentrong pangkalusugan, **(pook-libangan, pook-taguan)** at pamilihan.<br><br>Ang bawat institusyon ay mahalaga sa pagtugon ng mga **(paghahanap, pangangailangan)** ng bawat kasapi nito. | |
| 4 | 1. natutukoy ang mga bumubuo ng komunidad<br>a. mga taong naninirahan;<br>b. mga institusyon;<br>c. mga iba pang istrukturang panlipunan;<br>2. naipaliliwanag ang kahalagahan ng bawat | Bumubuo ng Komunidad | **Isagawa**<br><br>Panuto: Tukuyin ang institusyong tinutukoy sa bawat pahayag ni Ana. Piliin ang tamang sagot sa kahon. Gawin ito sa hiwalay na papel. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>institusyong bumubuo ng komunidad.</td>
<td></td>
<td>
health center palengke simbahan<br>pamilya paaralan<br><br>
Ako si Ana, kasama ng aking ___________ ay nagtutungo kami sa ______________ tuwing araw ng linggo upang sama-samang magdasal at magpasalamat sa Diyos. Pagkatapos magsimba, sinasamahan ko si inay sa ____________ para bumili ng aming pagkain at iba pang pangangailangan.<br>
Pagdating ng araw ng Lunes hanggang Biyernes ako naman ay pumapasok sa ______________ upang mabigyan ng pormal na edukasyon. Masaya ako na nagkaroon ako ng pagkakataon na makapag-aral.<br><br>
Samantala, malapit naman dito ang aming _______________ na bukas sa mga mamamayan upang magbigay ng libreng bakuna, bitamina at gamot sa mga may sakit.<br><br>
Ito ang naibibigay ng aking komunidad sa aking sarili at aming pamilya.
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>5</td>
<td>1. natutukoy ang mga bumubuo ng komunidad<br>a. mga taong naninirahan;<br>b. mga institusyon;<br>c. mga iba pang istrukturang panlipunan;<br>2. naipaliliwanag ang kahalagahan ng bawat institusyong bumubuo ng komunidad.</td>
<td>Bumubuo ng Komunidad</td>
<td>
TAYAHIN<br>
Panuto: Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>
<table>
<tr><th>Hanay A</th><th>Hanay B</th></tr>
<tr><td>___ 1. </td><td>A. Lugar kung saan maaaring makapaglibang at makapaglaro.</td></tr>
<tr><td>___ 2. </td><td>B. Gumagawa ng batas at nagpapanatili ng kaayusan sa komunidad.</td></tr>
<tr><td>___ 3. </td><td>C. Nabibili ang mga pangunahing pangangailangan.</td></tr>
<tr><td>___ 4. </td><td>D. Binubuo ng mag-anak, nanay, tatay at mga anak.</td></tr>
<tr><td>___ 5. </td><td>E. Binubuo ng mag-anak, nanay, tatay at mga anak.</td></tr>
</table>
<br>
KARAGDAGANG GAWAIN<br>
Panuto: Hanapin at kulayan sa crossword puzzle ang mga sumusunod na salita na tumutukoy sa iba pang mga istrukturang panlipunan na matatagpuan sa komunidad.<br><br>
plasa munisipyo palengke<br>barangay hall health center<br>
<table>
<tr><td>O</td><td>P</td><td>K</td><td>J</td><td>G</td><td>N</td><td>B</td><td>L</td><td>P</td><td>E</td><td>D</td></tr>
<tr><td>B</td><td>A</td><td>R</td><td>A</td><td>N</td><td>G</td><td>A</td><td>Y</td><td>H</td><td>A</td><td>L</td></tr>
<tr><td>S</td><td>D</td><td>M</td><td>U</td><td>N</td><td>I</td><td>S</td><td>I</td><td>P</td><td>Y</td><td>O</td></tr>
<tr><td>A</td><td>G</td><td>J</td><td>K</td><td>I</td><td>O</td><td>I</td><td>I</td><td>O</td><td>P</td><td>U</td></tr>
<tr><td>P</td><td>A</td><td>L</td><td>E</td><td>N</td><td>G</td><td>K</td><td>E</td><td>X</td><td>Y</td><td>F</td></tr>
<tr><td>H</td><td>E</td><td>A</td><td>L</td><td>T</td><td>H</td><td>C</td><td>E</td><td>N</td><td>T</td><td>E</td></tr>
</table>
</td>
<td>Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____.</td>
</tr>
</table>


**WEEKLY LEARNING PLAN**

<table>
<tr><td>Quarter</td><td colspan="2">1</td><td>Grade Level</td><td>2</td></tr>
<tr><td>Week</td><td colspan="2">4</td><td>Learning Area</td><td>FILIPINO</td></tr>
<tr><td>MELCs</td><td colspan="4">Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa nabasang kuwentong kathang-isip (hal: pabula, maikling kuwento, alamat), tekstong hango sa tunay na pangyayari (hal: balita, talambuhay, tekstong pang-impormasyon), o tula*</td></tr>
<tr><td>Day</td><td>Objectives</td><td>Topic/s</td><td>Classroom-Based Activities</td><td>Home-Based Activities</td></tr>
<tr><td>1</td><td>Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang kuwentong kathang- isip tulad ng pabula.</td><td>Pagsagot sa mga Tanong sa Napakinggang Kuwentong Kathang-isip</td><td>SUBUKIN<br>Panuto: Pakinggan ang maikling kuwento. Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.<br>Ang Magkakaibigan<br>Akda ni: Lea C. De Jesus<br>Isang umaga, sa isang malaking sanga ay nagkita-kita ang magkakaibigang sina Tipaklong, Uod at Bubuyog.<br><br><br>1. Ano ang pamagat ng kuwento?<br>A. AngTipaklong<br>B. Ang magkakaibigan<br>C. Ang Uod<br>D. Ang Bubuyog<br>2. Ilan ang tauhan sa kuwentong binasa?<br>A. 2<br>B. 3<br>C. 4<br>D. 5<br>3. Saan nagkita-kita ang magkakaibigan?<br>A. sa isang malaking sanga</td><td>Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul FILIPINO 2.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)</td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | B. sa bukid<br>C. sa dahon<br>D. sa bulaklak<br>4. Sino ang nagyayang maglaro?<br>A. si Tipaklong<br>B. si Uod<br>C. si Bubuyog<br>D. si Langgam<br>5. Ano ang damdamin ng magkakaibigan sa kuwento?<br>A. malungkot<br>B. masaya<br>C. natakot<br>D. nagalit<br><br>**BALIKAN**<br>Panuto: Ang sumusunod na mga pahayag ay nagpapakita ng iba't ibang gawi sa pakikinig. Lagyan ng ✓ (tsek)ang patlang kung ang gawi ay tama at x (ekis) kung mali.<br>_____1. Ituon ang pansin sa nagbabasa.<br>_____2. Makipag-usap sa katabi habang nakikinig ng kuwento.<br>_____3. Umupo nang tuwid at ihanda ang sarili sa pakikinig.<br>_____4. Tandaan ang mahahalagang impormasyong maririnig sa kuwento.<br>_____5. Ibaling ang paningin sa mga bagay na nasa loob ng silid-aralan habang nakikinig ng kuwento. | |
| 2 | Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang kuwentong kathang- isip tulad ng pabula. | Pagsagot sa mga Tanong sa Napakinggang Kuwentong Kathang-isip | **TUKLASIN**<br><br>Panuto: Pakinggan at unawaing mabuti ang babasahing kuwento.<br><br>Ang Matalik na Magkaibigan<br>Akda ni: Lea C. De Jesus<br><br>Matalik na magkaibigan sina Tiktok Manok at Ming Pusa. Mahal nila ang isa't isa. Madalas na maglaro ang dalawa sa bukid.<br>"Bilisan mo naman ang takbo Tiktok malayo na ang bola," ang wika ni Ming. Saluhan ng bola ang madalas nilang nilalaro.<br>Sa kanilang pag-uwi lagi silang nakikipag-unahan sa paglubog ni Haring Araw.<br><br>**SURIIN**<br><br>Panuto: Mula sa napakinggang kuwento, sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 1. Sino-sino ang bida sa kuwento?<br>A. Beng at Ming C. Tiktok at Ming<br>B. Tiktok at Maya D. Beng at Mata<br>2. Saan madalas maglaro ang magkaibigan?<br>A. sa bundok C. sa daan<br>B. sa ilog D. sa bukid<br>3. Ano ang madalas nilang nilalaro?<br>A. Harangang batis C. tagu-taguan<br>B. saluhan ng bola D. tumbang preso<br>4. Paano ipinakita ng magkaibigan ang kanilang pagmamahal sa isa't isa?<br>A. Madalas silang maglaro.<br>B. Palagi silang nag-aaway.<br>C. Sabay silang kumakain.<br>D. Sila ay nagbibigayan.<br>5. Bakit mahalagang magkaroon ng kaibigang tulad nina Tiktok at Ming?<br>A. upang maging masaya<br>B. upang magkaroon ng kalaro<br>C. upang laging may kasama<br>D. lahat ay tama | |
| 3 | Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang kuwentong kathang- isip tulad ng pabula. | Pagsagot sa mga Tanong sa Napakinggang Kuwentong Kathang-isip | **PAGYAMANIN**<br>Pinatnubayang Pagsasanay 1<br>Panuto: Pakinggan ang babasahing kuwento at sagutin ang mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot.<br><br>Ang Matakaw na Buwaya<br>Akda ni: Lea C. De Jesus<br><br>"La la la la.... busog na busog ako, ang sarap matulog," ang pakantang wika ni Bua.<br>Ang lahat ng hayop na mapunta sa ilog ay hindi nakakaligtas sa mata ni Bua.<br>Halos di na makagalaw si Bua sa kabusugan nang biglang, "Magandang araw kaibigan, pwede ba akong makiinom?" ang bati ni kuneho kay Bua."<br>Lumapit ka para makainom ka ng marami," yaya pa ng buwaya. Kahit busog na siya gusto pa rin niyang kainin ang kuneho.<br>"Sandali, kaibigan uminom ka pa mukhang Uhaw na uhaw ka pa" pagpipilit ni Bua."<br>"Hindi maaari nandito na ang mga mangangaso ayokong mahuli!" Mabilis na nakatakbo si kuneho. Samantalang si Bua ay hindi makagalaw sa busog kaya siya ay nahuli ng mga mangangaso.<br><br>1. Sino ang nakatira sa ilog?<br>A. si Kuneho B. si Bua C. si Tikboy<br>2. Ano ang katangian ni Bua? | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | A. mapagbigay B. antukin C. matakaw<br>3. Aling pahayag sa kuwento ang nagpapatunay na si Bua ay matakaw.<br>A. “La la la la…. busog na busog ako ang sarap<br>matulog.”<br>B. Ang lahat ng hayop na mapunta sa ilog ay hindi nakakaligtas sa mata ni Bua.<br>C. “Lumapit ka pa para makainom ng marami”<br>4. Sino ang dumating sa ilog para makiinom?<br>A. si Maya B. si Daga C. si Kuneho<br>5. Bakit nahuli ng mangangaso si Bua?<br>A. siya ay sobrang busog<br>B. siya ay nakatulog<br>C. gusto niya sa tubig<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay 2**<br><br>Pinatnubayang Pagtatasa 2<br>Panuto: Basahin ang kuwento. Sagutan ang mga tanong.<br><br>Si Bantay<br>Akda ni: Lea C. De Jesus<br><br>Sa umaga, ang gawain ni Bantay ay magwalis n paligid at magdilig ng mga halaman. Sa tanghali nama ay tinutulungan niya ang kanyang ina sa paghahanda ng pagkain. Pagkatapos ng kanyang mga gawain, masayang nakikipaglaro si Bantay sa kanyang mga kaibigang aso.<br><br>1. Ano ang pamagat ng kuwento?<br>2. Ano-ano ang ginagawa niya sa umaga?<br>3. Ano naman ang ginagawa niya pagdating ng tanghali?<br>4. Sino ang bida sa kuwento?<br>5. Sino ang mga kalaro niya? | |
| 4 | Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang kuwentong kathang- isip | Pagsagot sa mga Tanong sa Napakinggang Kuwentong Kathang-isip | **Isagawa**<br><br>Panuto: Makinig sa kuwento. Piliin ang letra nang wastong sagot. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina _____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | tulad ng pabula. | | **Si Mimi Kambing**<br>Akda ni: Lea C. De Jesus<br><br>Si Mimi Kambing ay isang pasaway na anak. Hindi siya sumusunod sa mga bilin at pinag-uutos sa kanya. Kaya madalas si Mimi ay napagsasabihan ng kanyang mga magulang.<br>Isang araw, sina Amang Kambing, Inang Kambing at Mimi ay pumunta sa burol upang kumuha ng pagkai<br>"Anak, huwag kang palundag-lundag baka mahulog ka sa bangin," ang bilin ni Inang Kambing. Ngunit nagpatuloy pa rin sa paglundag si Mimi.<br>Nang bigla na lang may narinig si Inang Kambing "Mee-mee! Tulong! Tulungan ninyo ako," ang malakas r iyak ni Mimi.<br><br>1. Sino ang pasaway na kambing?<br>A. Enteng<br>B. Mimi<br>C. Emi<br>2. Bakit siya madalas pagsabihan ng kanyang mga magulang?<br>A. siya ay madaldal.<br>B. siya ay pasaway.<br>C. siya ay matakaw.<br>3. Sino-sino ang nagpunta sa bukid?<br>A. Amang Kambing, Inang Kambing at Mimi<br>B. Amang Baka, Inang Baka at Berto<br>C. Amang Usa, Inang Usa at Isa<br>4. Ano ang bilin sa kanya ni Inang Kambing habang sila ay nasa burol?<br>A. "Anak, huwag kang palundag-lundag baka mahulog ka sa bangin."<br>B. "Anak, huwag kang pupunta sa malayo."<br>C. "Anak, umupo ka lang."<br>5. Ano ang nangyari kay Mimi nang hindi siya sumunod sa bilin ng kanyang ina?<br>A. nadapa.<br>B. nawala<br>C. nahulog | |
| 5 | Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makasasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang kuwentong | Pagsagot sa mga Tanong sa Napakinggang Kuwentong Kathang-isip | **TAYAHIN**<br><br>Panuto: Makinig na mabuti sa babasahing kuwento. Sagutin ang sumusunod na mga tanong. | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | kathang- isip tulad ng pabula. | | Si Bokyong Ayaw Maligo<br>Akda ni: Lea C. De Jesus<br><br>Si Bokyo ay isang batang uod. Hilig niya ang kumain nang kumain ngunit hindi ang paliligo.<br>"Ayokong maligo! Ayokong mabasa!" pagtutol ni Bokyo. "Bakit ba kasi kailangan umulan? Sana huwag ng umulan kahit kailan," panalangin ni Bokyo.<br>Nakalipas ang ilang araw na hindi umuulan. Napansin ni Bokyo na hindi na makatas at ang dahon na kanyang kinakain. Naalala ni Bokyo na kailangan ng mga halaman ang ulan para sila ay lumusog at dumami.<br>"Panginoon, patawarin po ninyo ako". "Sana po, muli nang umulan upang lumusog ang mga halaman," muling panalangin ni Bokyo. Pagkaraan ng ilang sandali muling dumilim ang langit at bumagsak ang ulan.<br>1. Sino ang batang uod sa kuwento?<br>2. Ano ang ginagawa niya sa araw-araw?<br>3. Ano naman ang ayaw niyang gawin?<br>4. Ano ang nangyari sa mga halaman noo ng hindi na umulan?<br>5. Ano ang ginawa ni Bokyo para muling maging malusog ang mga halaman? | |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 2 |
|---|---|---|---|---|
| **Week** | 4 | | **Learning Area** | ESP |
| **MELCs** | **Naisakikilos ang mga paraan ng pagpapanatili ng kalinisan, kalusugan at pag-iingat ng katawan. EsP2PKP- Id – 11** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | 1. Natutukoy ang mga tamang kagamitan sa paglilinis ng katawan<br>2. Naiisa-isa ang ilan sa mga gawain na magpapanatili ng kalinisan ng katawan<br>3. Nauunawaan ang | Gawain na Magpapanatili ng Kalinisan ng Katawan | **SUBUKIN**<br>Panuto: Kumpletuhin ang bawat pahayag. Isulat ang titik ng tamang sagot iyong kuwaderno o sagutang papel.<br><br><br>1. Ang ________ ay mapapanatili ang wastong haba ng mga kuko upang maiwasan ang pagpasok at pananatili ng dumi sa mga ito.<br>2. Ang ________ ay makatutulong upang linisin ang labas na bahagi ng tainga.<br>3. Ang ________ ay makatutulong upang mapanatili ang kalinisan ng | Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang _______ na makikita sa Modyul ESP 2.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | kahalagahan ng mga gawain na magpapanatili ng kalinisan ng katawan. | | ngipin at maiiwasan ang pagkabulok ng mga ito.<br><br>**BALIKAN**<br>Panuto: Ang mga susunod na pahayag ay nagsasaad ng mabubuting epekto ng paliligo. Gumuhit ng linya mula sa larawan patungo sa mga mabubuting epekto ng paliligo. Gawin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.<br><br>A. Ikaw ay babango<br>B. Iigsi ang iyong buhok<br>C. Lalakas ang iyong buto<br>D. Iyong mararamdaman ang lamig at kapreskuhan<br>E. Lalakas at titibay ang iyong mga **muscles**<br>F. Ikaw ay magiging malinis at malalayo | (Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |
| 2 | 1. Natutukoy ang mga tamang kagamitan sa paglilinis ng katawan<br>2. Naiisa-isa ang ilan sa mga gawain na magpapanatili ng kalinisan ng katawan<br>3. Nauunawaan ang kahalagahan ng mga gawain na magpapanatili ng kalinisan ng katawan. | Gawain na Magpapanatili ng Kalinisan ng Katawan | **TUKLASIN**<br><br>Mahalagang malaman ang mga hakbang na magpapanatili ng kalinisan ng katawan upang ang ating katawan ay maging malakas, masigla at malayo sa anumang karamdaman.<br>May iba't ibang paraan upang mapanatili ang kalinisan ng katawan:<br>1. Paliligo araw-araw - mapapanatili nito ang kalinisan ng iyong katawan. Gayundin, mailalayo ka nito sa iba't-ibang uri ng mga sakit.<br>2. Pagsisipilyo - tuwing pagkatapos kumain ay mapapanatili ang malinis at matitibay mong mga ngipin.<br>3. Paggupit ng iyong mga kuko - makaiiwas ka na pamahayan ito ng mga mikrobyo mula sa mga bagay na iyong hinahawakan.<br>4. Paglilinis ng iyong tainga– mapapanatiling, malinis, mabango at malinaw ang iyong pandinig.<br>Mga Kagamitan sa Paglilinis ng Katawan<br>1. Sabon – ginagamit sa paglilinis ng katawan.<br>2. Sipilyo – ginagamit sa paglilinis ng ngipin. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 3. Suklay – ginagamit upang maayos ang gusot ng buhok.<br>4. Nail cutter – ginagamit sa paggupit ng mahahaba at maruruming kuko.<br>5. Manipis, malinis at basang tela – ginagamit sa paglilinis ngpanlabas na bahagi ng mga tainga.<br>Sa itaas ay ibinigay ang mga pamamaraan at kagamitan na makatutulong upang iyongmapanatili ang kalinisan ng iyong katawan. Ang mga ito ay iyong magagamit upang masagutan ang mga susunod pang gawain. Gayundin, makatutulong ito upang ikaw ay makaiwas sa mga sakit na maaaring bunga ng virus o bacteria lalo na sa panahon ngayon ng pandemyang COVID-19.<br><br>**SURIIN**<br>Panuto: Tukuyin ang bahagi ng katawan na malilinis ng bawat kagamitan. Ilagay ang titik ng iyong sagot sa iyong kuwaderno o sagutang papel.<br>1. Sipilyo — A.<br>2. Sabon — B.<br>3. Manipis na tela o tuwalya — C.<br>4. Nail cutter — D.<br>5. Suklay — E.<br> | |
| 3 | 1. Natutukoy ang mga tamang kagamitan sa paglilinis ng katawan<br>2. Naiisa-isa ang ilan sa mga gawain na magpapanatili | Gawain na Magpapanatili ng Kalinisan ng Katawan | **PAGYAMANIN**<br><br>Panuto: Iguhit ang masayang mukha kung tama ang pahayag at malungkot na mukha kung mali ito. Sagutin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.<br>1. Ang bata na naliligo araw-araw ay laging nagkakasakit.<br>2. Ang sipilyo ay ginagamit upang maging malinis ang ating mga ngipin.<br>3. Si Ben ay naggugupit ng kuko upang magkaroon ito ngmikrobyo. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ng kalinisan ng katawan<br>3. Nauunawaan ang kahalagahan ng mga gawain na magpapanatili ng kalinisan ng katawan. | | 4. Ako ay gagamit ng sabon kapag naliligo upang matanggal ang dumi sa aking katawan.<br>5. Si Jenny ay naglilinis ng tainga upang maging malinaw ang kaniyang pandinig.<br><br>**ISAISIP**<br><br>Ang _______________ ng mga gawain na makapagpapanatili ng _____________ ng ________________ tulad ng paliligo, pagsisipilyo, paggupit ng mga kuko at paglilinis ng mga tainga ay mailalayo ka sa mga mikrobyo na maaaring maging dahilan ng pagkakaroon ng sakit. | |
| 4 | 1. Natutukoy ang mga tamang kagamitan sa paglilinis ng katawan<br>2. Naiisa-isa ang ilan sa mga gawain na magpapanatili ng kalinisan ng katawan<br>3. Nauunawaan ang kahalagahan ng mga gawain na magpapanatili ng kalinisan ng katawan. | Gawain na Magpapanatili ng Kalinisan ng Katawan | **ISAGAWA**<br><br>Panuto: Lagyan ng tsek (/)kung tama ang pahayag at ekis (x) kung mali ito. Sagutin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.<br>1. Maligo araw-araw.<br>2. Gumamit ng sabon sa paglilinis ng iyong katawan.<br>3. Gumamit ng sipilyo sa paglilinis ng iyong mga ngipin.<br>4. Gunting ang gamitin sa paggupit ng iyong mga kuko.<br>5. Ang malinis at basang tela ang tamang kagamitan sa paglilinis ng mga tainga. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |
| 5 | 1. Natutukoy ang mga tamang kagamitan sa paglilinis ng katawan<br>2. Naiisa-isa ang ilan sa mga gawain na magpapanatili | Gawain na Magpapanatili ng Kalinisan ng Katawan | **TAYAHIN**<br><br>Panuto: Basahin at tukuyin ang tamang kagamitan sa paglilinis ng katawan. Isulat ang titik ng tamang. Gawin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.<br>1. Inaalis ang gusot ng buhok.<br>A. Sabon C. Sipilyo<br>B. Suklay D. Nail Cutter<br>2. Ginugupit ang mahahaba at maruruming kuko. | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ng kalinisan ng katawan<br>3. Nauunawaan ang kahalagahan ng mga gawain na magpapanatili ng kalinisan ng katawan. | | A. Sabon C. Sipilyo<br>B. Suklay D. Nail cutter<br>3. Tinatanggal ang nakasingit na pagkain sa pagitan ng mga ngipin.<br>A. Sabon C. Sipilyo<br>B. Suklay D. Nail cutter<br>4. Ginagamit ito upang linisin nang dahan- dahan ang bukana ng iyong tenga<br>A. Sabon C. Nail cutter<br>B. Suklay D. Manipis at basang Tela<br><br>**KARAGDAGANG GAWAIN**<br>Panuto: Magbigay ng iba pang kagamitan na ginagamit upang mapanatili ang kalinisan ng ating katawan at tukuyin kung saan ito ginagamit. Gawin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.<br><br>Kagamitan \| Bahagi ng Katawan na kayang Linisin<br>1.<br>2.<br>3. | |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| Quarter | 1 | | Grade Level | 2 |
|---|---|---|---|---|
| Week | 4 | | Learning Area | MATHEMATICS |
| MELCs | **Identifies, reads and writes ordinal numbers from 1st through the 20th object in a given set from a given point of reference.**<br><br>**Reads and writes money in symbols and in words through PhP100.** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | 1. nakababasa ng ordinal numbers mula 1st hanggang 20th<br>2. nakasusulat ng ordinal numbers mula 1st hanggang 20th | Reading and Writing Ordinal Numbers from 1st Through the 20th | **SUBUKIN**<br>Gawing ordinals ang mga sumusunod na bilang. Isulat sa sagutang papel ang st, nd o th at basahin nang malakas ang iyong sagot.<br>1. ikasampu ____________________<br>2. ikalabindalawa<br>____________________<br>3. ikalabintatlo ____________________<br>4. ikalabinlima ____________________<br>5. ikalabingsiyam<br>____________________<br><br>**BALIKAN**<br><br>Isulat sa sagutang papel ang katumbas na salita ng mga sumusunod na ordinal numbers. | Answer the Learning Tasks found in MATHEMATICS 2 SLM.<br><br>Write you answeres on your Notebook/Activity Sheets.<br><br>Learning Task No. 1: |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>1. 7th - __________<br>2. 1st - __________<br>3. 3rd - __________<br>4. 2nd - __________<br>5. 10th - __________<br><br>TUKLASIN<br><br>Isang umaga, isa-isa kayong pinapila ng inyong mga guro upang sukatin ang inyong taas. Makikita sa larawan na hindi pantay-pantay ang taas ng inyong mga sukat. Sikapin mong iayos ang inyong sukat mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaki.<br><br><br><br>Kumpletuhin ang tsart. Ibigay ang ordinal na bilang sa simbolo.<br>Sukat ng Taas ng mga Mag-aaral sa Baitang 2<br>SY 2019-2020
<table>
<tr><th>Pangalan ng Bata</th><th>Taas (cm)</th><th>Ordinal na Bilang ng taas (st, nd o th)</th></tr>
<tr><td>1. Anna Jherryza C. Santos</td><td>84</td><td></td></tr>
<tr><td>2. Miel Francine M. Maglanque</td><td>75</td><td></td></tr>
<tr><td>3. Joy S. Mangahas</td><td>83</td><td></td></tr>
<tr><td>4. Rian Natalie M. Valdizno</td><td>80</td><td></td></tr>
<tr><td>5. Erica Jane D. Infortuno</td><td>71</td><td></td></tr>
<tr><td>6. AC Nicole C. Verayo</td><td>90</td><td></td></tr>
<tr><td>7. Chelsea D. Ramos</td><td>87</td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>(This task can be found on page ____)</td>
</tr>
<tr>
<td>2</td>
<td>1. nakababasa ng ordinal numbers mula 1st hanggang 20th<br>2. nakasusulat ng ordinal numbers mula 1st hanggang 20th</td>
<td>Reading and Writing Ordinal Numbers from 1st Through the 20th</td>
<td>SURIIN<br>Natulungan mo bang pagsunud-sunurin ang ayos ng laki ng iyong mga kamag-aral mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaki?<br>Si Erica Jane D. Infortuno ay may sukat na 71cm. Siya ang pinakamaliit kaya siya ang nasa unahan o 1st. Si AC Nicole C. Verayo ay may sukat na 90cm. kaya siya ang pinakamalaki at mapupunta sa hulihan o ika-7th.<br>Ang mga ordinal numbers ay isinusulat ng may st, nd, rd, th sa hulihan.<br><br>Halimbawa:<br>$1^{st}$ – ikaisa<br>$2^{nd}$ –ikalawa<br>$3^{rd}$ – ikatlo<br>$4^{th}$ – ikaapat<br>$5^{th}$ – ikalima<br>$6^{th}$ – ikaanim<br>$7^{th}$ – ikapito<br>$8^{th}$ – ikawalo<br>$9^{th}$ – ikasiyam<br>$10^{th}$ – ikasampu<br>$11^{th}$ – ikalabing-isa<br>$12^{th}$ – ikalabindalawa<br>$13^{th}$ – ikalabintatlo<br>$14^{th}$ – ikalabing-apat<br>$15^{th}$ – ikalabinlima<br>$16^{th}$ – ikalabing-anim<br>$17^{th}$ – ikalabing pito<br>$18^{th}$ – ikalabing walo<br>$19^{th}$ – ikalabing siyam<br>$20^{th}$- ikadalawampu<br><br>PAGYAMANIN<br>Sipiin ang wastong salita ng mga sumusunod na ordinal numbers. Isulat</td>
<td>Learning Task No. 2:<br><br>(This task can be found on page ____)<br>File created by DepEdClick</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>sa sagutang papel ang letra ng wastong sagot.<br>
1. 2nd<br>
A. ikaapat    C. ikatlo<br>
B. ikalawa    D. una<br>
2. 6th<br>
A. ikaanim    C. ikasiyam<br>
B. ikaapat    D. ikawalo<br>
3. 11th<br>
A. ikaisa    C. isa-isa<br>
B. ikalabing-isa    D. una<br>
4. 15th<br>
A.ikalabinlima    C. panlima<br>
B. lima    D. wala sa nabanggit<br>
5. 20th<br>
A.ikadalawampu    C. ikalawa<br>
B. ikadalawamput apat    D. ikatlo<br>
<br>
PINATNUBAYANG PAGSASANAY 2<br>
Punan ang tsart na nasa ibaba. Isulat sa sagutang papel ang wastong ordinal number o salita na hinihingi.<br>
<table>
<tr><th>Ordinal Number</th><th>Salita</th></tr>
<tr><td>1. 3rd</td><td></td></tr>
<tr><td>2.</td><td>ikalabing isa</td></tr>
<tr><td>3.</td><td>Ikawalo</td></tr>
<tr><td>4. 14th</td><td></td></tr>
<tr><td>5. 20th</td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>3</td>
<td>1. nakababasa ng ordinal numbers mula 1st hanggang 20th<br>2. nakasusulat ng ordinal numbers mula 1st hanggang 20th</td>
<td>Reading and Writing Ordinal Numbers from 1st Through the 20th</td>
<td>Malayang Pagsasanay 1<br>
Isulat sa sagutang papel ang katumbas na ordinal numbers.<br>
<table>
<tr><th>Pasalitang Numero</th><th>Ordinal Number</th></tr>
<tr><td>1. Una</td><td></td></tr>
<tr><td>2. Ikalabindalawa</td><td></td></tr>
<tr><td>3. Ikatlo</td><td></td></tr>
<tr><td>4. Ikalabinsiyam</td><td></td></tr>
<tr><td>5. Ikalima</td><td></td></tr>
<tr><td>6. Ikalabinlima</td><td></td></tr>
<tr><td>7. Ikapito</td><td></td></tr>
<tr><td>8. Ikalabintatlo</td><td></td></tr>
<tr><td>9. Ikasiyam</td><td></td></tr>
<tr><td>10.Ikadalawampu</td><td></td></tr>
</table>
<br>
ISAGAWA<br>
<br>
Itambal ang ordinal number na nasa Hanay A sa wastong salita nito na nasa Hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.<br>
<table>
<tr><th>Hanay A</th><th>Hanay B</th></tr>
<tr><td>1. 16th</td><td>A. ikaapat</td></tr>
<tr><td>2. 18th</td><td>B. ikalabindalawa</td></tr>
<tr><td>3. 4th</td><td>C. ikalabing anim</td></tr>
<tr><td>4. 12th</td><td>D. ikalabing walo</td></tr>
<tr><td>5. 2nd</td><td>E. ikalawa</td></tr>
</table>
<br>
TAYAHIN<br>
<br>
Isulat sa sagutang papel ang ordinal number ng mga sumusunod. Gamitin ang st, 2nd, rd o th.<br>
1. Ikalabing-isa ________________<br>
2. Ikalabing pito ________________<br>
3. Ikatlo ________________<br>
4. Ikalabintatlo ________________
</td>
<td>Learning Task No. 3:<br><br>(This task can be found on page _____)</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr><td></td><td></td><td></td><td>5. Ikadalawampu _________________</td><td></td></tr>
<tr><td>4</td><td>1. Nakababasa ng halaga ng pera na pasimbulo at pasalita hanggang ₱100.<br>2. Nakasusulat ng pera na pasimbulo at pasalita hanggang ₱100.</td><td>Reading and Writing Money in Symbols and in Words Through ₱100</td><td>BALIKAN<br>Isulat sa loob ng kahon ang simbolo ng halaga ng mga salapi sa bawat bilang.<br><br><br><br>Tuklasin<br><br>Basahin at unawain ang kuwento sa ibaba.<br><br><br><br>Si Marissa ay kasalukuyang nasa ikalawang baitang. Tuwing umaga ay binibibigyan siya ng kaniyang nanay ng halagang ₱40 bilang baon niya sa paaralan. Araw-araw ay bumibili siya ng pagkain na may halagang ₱15 sa kantina. Ang labis na pera mula sa kaniyang baon ay kaniyang itinatabi upang gamitin na pambili ng kaniyang mga gamit para sa kaniyang mga proyekto.<br><br>Suriin<br><br>Ikaw ba ay katulad ni Marissa? Nagtatabi ka rin ba ng pera? Magkano na ang iyong naipon?<br>Si Marissa ay isang batang matipid, halos araw-araw ay may natitirang ₱20 mula sa kanyang baon na ginagamit niyang panggastos para pambili ng kanyang mga proyekto.<br>Basahin at isulat ang mga sumusunod na halaga ng pera.<br>1. ₱100 - isandaang piso<br>2. ₱50- limampung piso<br>3. ₱20- dalawampung piso<br>4. ₱10- sampung piso<br>5. ₱5- limang piso<br>6. ₱1- piso 7. ¢ 0.25- dalawampu't limang sentimo 8. ¢ 0.05- limang sentimo 9. ¢ 0.01- isang sentimo</td><td>Learning Task No. 4:<br><br>(This task can be found on page ____)</td></tr>
</table>

<table>
<tr>
<td>5</td>
<td>1. Nakababasa ng halaga ng pera na pasimbulo at pasalita hanggang ₱100.<br>2. Nakasusulat ng pera na pasimbulo at pasalita hanggang ₱100.</td>
<td>Reading and Writing Money in Symbols and in Words Through ₱100</td>
<td>

**Pagyamanin**

Pinatnubayang Pagsasanay<br>
Piliin sa Hanay B ang tamang halaga ng pera sa Hanay A. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

<table>
<tr><th>Hanay A</th><th>Hanay B</th></tr>
<tr><td>_____ 1. Labinlimang piso</td><td>A. ₱85</td></tr>
<tr><td>_____ 2. Walumpu't dalawang piso</td><td>B. ₱82</td></tr>
<tr><td>_____ 3. Sampung piso</td><td>C. ¢ 0.25</td></tr>
<tr><td>_____ 4. Dalawampu't limang sentimo</td><td>D. ₱15</td></tr>
<tr><td>_____ 5. Walumpu't limang piso</td><td>E. ₱10</td></tr>
</table>

Malayang Pagsasanay<br>
Isulat sagutang papel ang tamang halaga ng pera sa pasalita.<br>
1. ₱15 - ________________________ 2. ¢ 0.05 - ________________________<br>
3. ₱12 - ________________________<br>
4. ₱55 - ________________________<br>
5. ₱25 - ________________________

**Isagawa**

Isulat nang pasalita sa sagutang papel ang mga sumusunod na halaga ng pera.

<table>
<tr><th></th><th>Pasalita</th><th>Halaga</th></tr>
<tr><td>1</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>4</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>5</td><td></td><td></td></tr>
</table>

**Tayahin**

A. Lagyan ng tsek (✓) ang sagutang papel kung tama ang pagkakasulat ng halaga ng pera at ekis (X) naman kung mali.<br>
__ 1. ₱23– Tatlumpu't dalawang piso<br>
__ 2. ₱65– Animnapu't limang piso<br>
__ 3. ₱13– Tatlumpu't tatlong piso<br>
__ 4. ₱98– Siyamnapu't walong piso<br>
__ 5. ₱10– Sampung piso

B. Piliin sa Hanay B ang tamang halaga ng pera sa Hanay A. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

Hanay A Hanay B<br>
_______ 1. Labintatlong piso A. ₱80<br>
_______ 2. Walumpung piso B. ¢0.50<br>
_______ 3. Sampung piso C. ₱13<br>
_______ 4. Limampung sentimo D. ₱82


</td>
<td>Answer the Evaluation that can be found on page ______.</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | ______ 5. Walumpu't dalawang piso E. ₱10 | |

**WEEKLY LEARNING PLAN**

| **Quarter** | 1 | | **Grade Level** | 2 |
|---|---|---|---|---|
| **Week** | 4 | | **Learning Area** | MTB-MLE |
| **MELCs** | **makapag-uuri ng mga salitang ngalan ayon sa iba't ibang kategorya-tao, bagay, hayop at lugar.<br>MT2GA-Ib-3.1.1** | | | |
| **Day** | **Objectives** | **Topic/s** | **Classroom-Based Activities** | **Home-Based Activities** |
| 1 | makapag-uuri ng mga salitang ngalan ayon sa iba't ibang kategorya-tao, bagay, hayop at lugar. | Pag-uuri ng Salitang Ngalan | **SUBUKIN**<br><br>Panuto: Isulat sa sagutang papel ang T kung ang tinutukoy ay ngalan ng tao, B kung bagay, H kung hayop, L kung lugar at P kung pangyayari.<br><br>___1. barangay kagawad<br>___2. kambing<br>___3. unan<br>___4. binyag<br>___5. silid-aklatan<br><br>**Balikan**<br>Panuto: Tukuyin ang salitang ngalan sa sumusunod na pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.<br>1. Maagang gumising si Ana.<br>2. Nagsipilyo siya ng ngipin.<br>3. Nasalubong niya ang kaniyang pusa.<br>4. Sa kusina siya pumunta.<br>5. Niyakap niya ang kaniyang nanay. | Sagutan ang sumusunod na Gawain sa Pagkatuto Bilang ______ na makikita sa Modyul MT-MLE 2.<br><br>Isulat ang mga sagot ng bawat gawain sa Notebook/Papel/Activity Sheets.<br><br>Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |
| 2 | makapag-uuri ng mga salitang | Pag-uuri ng | **Tuklasin**<br><br>Tuwing sasapit ang buwan ng Abril ay marami sa atin ang umuuwi sa | Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ngalan ayon sa iba't ibang kategorya-tao, bagay, hayop at lugar. | Salitang Ngalan | kani-kanilang probinsiya upang magbakasyon. Ang iba naman ay sa lungsod nagpupunta. Saan man tayo magtungo sa araw ng ating bakasyon ay isa lamang ang nais natin, ang makasama ang mga mahal natin sa buhay.<br>Basahin natin ang kuwento.<br><br>Sandaling Bakasyon<br>Akda ni Cristina T. Fangon<br><br>Tuwing bakasyon ay pumupunta ang mag-anak nina Mang Pol at Aling Minda sa Mariveles. Doon sila namamalagi sa loob ng isang linggo. Pumupunta sila sa hulo. Masaya silang namimitas at kumakain ng mangga, sinigwelas at kasoy. May mga manok at baboy na alaga ang kanilang Tiyo Arman. May alaga din itong mga aso na nagsisilbing bantay.<br>Pagsapit ng pista ay pumapasyal sila sa plasa upang manood ng mga pagtatanghal. Masaya ang bakasyon ng pamilya kahit sandali lamang ito.<br><br>**Suriin**<br><br>Panuto: Piliin sa loob ng panaklong ang tamang sagot at isulat sa sagutang papel.<br>1. Saan nagbakasyon ang pamilya? (Maynila Marinduque Mariveles)<br>2. Ang sagot sa unang bilang ay ngalan ng ________. (tao bagay lugar)<br>3. Ang kasoy at mangga ay ngalan ng ________.<br>(tao bagay lugar)<br>4. Ang Aling Minda, Mang Pol at Tiyo Arman ay ngalan ng mga ________.<br>(tao bagay hayop)<br>5. Ang bakasyon at pista ay ngalan ng mga ________. (tao pangyayari lugar) | (Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul)<br><br>File created by DepEdClick |
| 3 | makapag-uuri ng mga salitang ngalan ayon sa iba't ibang kategorya-tao, bagay, hayop at lugar. | Pag-uuri ng Salitang Ngalan | **Pagyamanin**<br>Pinatnubayang Pagsasanay 1<br>Panuto: Tukuyin ang uri ng ngalan sa bawat bilang. Isulat sa iyong sagutang papel kung ito ay tao, bagay, hayop, lugar o pangyayari.<br>____________1. hulo<br>____________2. kalabaw<br>____________3. gunting<br>____________4. Pasko<br>____________5. guro<br><br>Pinatnubayang Pagtatasa 1<br>**Panuto:** Tukuyin ang uri ng ngalan ng bawat pares ng salita. Isulat sa iyong pael ang A kung tao, B kung hayop, C kung bagay, D kung lugar at E kung pangyayari.<br>______1. simbahan paaralan<br>______2. kambing kabayo<br>______3. papel lapis<br>______4. kaarawan kasal<br>______5. lola tatay | Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | **Isagawa**<br><br>Panuto: Isulat sa sagutang papel ang ngalan ng mga sumusunod na larawan.<br><br>  <br>1.________ 2.________ 3.________<br> <br>4.________ 5.________<br><br>**Tayahin**<br><br>Panuto: Tukuyin ang ngalan sa bawat bilang. Isulat sa iyong sagutang papel ang T kung ngalan ng tao, B kung bagay, H, kung hayop, L kung lugar at P kung pangyayari.<br>1. punong guro<br>2. Araw ng mga Puso<br>3. alitaptap<br>4. Abucay, Bataan<br>5. pantasa | |
| 4 | makabubuo ng mga pangungusap gamit ang mga salitang nilinang sa kuwento sa makabuluhan g konteksto. | Mga Salitang Nilinang sa Kuwent o | **Balikan**<br><br>Panuto: Tukuyin kahulugan ng mga salitang initiman. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>_________________ 1. Marami sa ngayon ay **salat** ang buhay.<br>_________________ 2. **Manhid** ang taong iyan.<br>_________________ 3. **Nahabag** ako sa pagkawala ng ama.<br>_________________ 4. Lagi tayong **manalangin** sa Diyos.<br>_________________ 5. **Natigalgal** ang lahat sa balita.<br><br>**Tuklasin**<br><br>Panuto: Basahing mabuti ang kuwento at bigyang pansin ang mga salitang initiman ang pagkakasulat. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel. | Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:<br><br>(Ang gawaing ito ay makikita sa pahina ____ ng Modyul) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Ang Hardin ni Dindin<br><br>Ako si Dindin, isang **ulila.** Wala akong magulang na nakilala mula ng ako ay isilang. Sa **ampunan** ako nakatira. Dito sa bahay na ito inaalagaan ng mga Madre o Pari ang mga batang walang magulang. Pag-aalaga ng hardin ang gawain ko sa ampunan araw-araw<br><br>Sa aking hardin, **kaakit-akit** ang mga makukulay at magagandang bulaklak. Ang mga paruparo, tutubi at bubuyog ay **naglipana** na tila hindi napapagod sa pabalik-balik na pagdapo sa mga bulaklak. **Mayayabong** ang mga puno rito kaya maaari kang magpahinga sa lilim ng mga dahon at sanga nito. | |
| 5 | makabubuo ng mga pangungusap gamit ang mga salitang nilinang sa kuwento sa makabuluhang konteksto. | Mga Salitang Nilinang sa Kuwento | **Pagyamanin**<br><br>Pinatnubayang Pagsasanay 1<br><br>Panuto: Basahin at unawain ang kuwento. Kilalanin ang mga salitang may salungguhit ayon sa pagkakagamit sa pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat sa iyong sagutang papel.<br><br>Ang Maghapon ni Juan<br><br>Araw-araw ay maagang gumigising si Juan upang maghanda sa pagpasok sa paaralan. Suot niya ang kumpletong uniporme at di-kailanman nahuhuli sa klase. Pagdating sa paaralan ay magiliw niyang binabati ang kanyang guro at mga kamag-aral. Aktibo siyang nakikinig sa klase. Sabay silang umuuwi ng kanyang matalik na kaibigan na si Pedro. Pagdating sa bahay ay gagawin na niya ang kanyang mga takdang-aralin at tutulong na sa gawaing bahay. Araw-araw ganito ang gawain ni Juan.<br><br>damit na pamasok   malapit   masigasig   masaya   paaralan<br><br>__________ 1. Magkasabay na umuwi ang matalik na kaibigan.<br><br>__________ 2. Magiliw na binati ni Juan ang kanyang guro at mga kamag-aral.<br><br>__________ 3. Maagang pumapasok si Juan sa eskwelahan.<br><br>__________ 4. Suot niya ang kanyang kumpletong uniporme.<br><br>__________ 5. Siya ay aktibo sa loob ng klase.<br><br>**Isagawa**<br><br>Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit batay sa pagkakagamit nito sa | Sagutan ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina ____. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | pangungusap. Ayusin ang mga letra upang makuha ang tamang sagot. Isulat sa sagutang papel ang kasagutan.<br>IKUMAY 1. Tumangis si Bea sa pagkamatay ng<br>kanyang alagang ibon.<br>________________<br>HAMUKU 2. Kailangan nating mangalap ng mga<br>larawan ng magagandang pasyalan<br>sa Balanga para sa ating proyekto.<br>_____________________________<br>_<br>D S I O Y 3. Palagi tayong magpasalamat sa<br>Maykapal sa lahat ng biyayang pinagkakaloob Niya sa atin.<br>______________<br>M H A I R P A 4. Walang pambili ng gamit sa paaralan si Sabel dahil sila ay dukha lamang.<br>________________<br>LIGPAHANSA 5. Nanalo si Perla sa patimpalak sa<br>pagguhit na ginanap sa kanilang paaralan.<br>___________________________<br><br>**Tayahin**<br><br>Panuto: Punan ang patlang ng nawawalang titik upang mabuo ang pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang salitang nabuo.<br>1. Naglaro si Macoy sa putikan kaya umuwi siyang<br>m __ __ u m __.<br>2. Naubos ni Miles ang isang platong pansit palabok<br>dahil ito ay m __ s __ __ a p.<br>3. Nag-aaral mabuti si Shine para m __ __ b __ t niya<br>ang kanyang pangarap.<br>4. Ginagaya ang sipag at tiyaga ni Bb. Joy kaya naging m e | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | __ o siya ng mga guro sa Balanga City.<br>5. Nais ni Folyn na makapagtayo ng m __ __ a __ s<br>na gusali. | |